

Taon XXXIV Blg. 15 Setyembre 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Paigtingin ang mga pakikibakang bayan para ibagsak ang rehimeng US-Arroyo

abilis na lumalala ang pagkakahiwalay sa mamamayan ng rehimeng US-Arroyo. Isang matinding pampulitikang krisis ang yumayanig ngayon sa naghaharing estado na nagbabanta ng mas maagang pagwawakas ng paghahari ng rehimeng Arroyo, katulad rin ng rehimeng Estrada at diktadurang Marcos, na kapwa napatalsik dahil sa pagpapakapapet, militarismo at katiwalian.

Hinahalukay ngayon sa publiko ang malalaking kaso ng korapsyon kapwa sa Malakanyang at sa AFP na ibinunyag ng pag-aalsang militar noong Hulyo 27 at ng mga pulitikong kalaban ni Arroyo. Nahahalungkat din ang responsibilidad ng rehimeng Arroyo sa teroristang pambobomba sa Davao nitong unang bahagi ng taon, gayundin ang pinsala at salantang dulot ng militarisasyon sa kanayunan bunga ng teroristang todo-gera ni Arroyo.

Lubos na ikinagagalit ng malawak na mamamayan ang mga kaso ng malalaking katiwalian ng mag-asawang Arroyo, gayundin ng mga personaheng pinakamalalapit sa kanila, lalupa't isang pag-aalsa ng milyun-milyong mamamayang laban sa mga katiwalian ng gubyernong Estrada ang nagluklok sa rehimen.

Ginagatungan nito ang tumitinding galit ng mamamayang Pilipino sa pagkapapet at militarismo ng rehimeng
Arroyo. Bunsod ng mga patakarang makadayuhan at
anti-mamamayan ng papet na republika sa ilalim ng rehimeng Arroyo, lalong lumalala ang krisis sa ekonomya
at ang pagkawasak ng mga pwersa sa produksyon at
buhay ng masang anakpawis. Binigyang-daan nito ang
papalalang interbensyong militar ng US at, sa udyok
ng US, iniutos ang papatinding militarisasyon na nagreresulta sa parami nang paraming kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao.

Sa pamumuno ng mga ligal na pwersang pambansa-demokratiko, ang mga papet at militaristang pa-

Mga tampok sa isyung ito...

Iskandalong Jose Pidal PAHINA 3

22 armas nasamsam ng BHB sa mga reyd, ambus PAHINA 4 Mga tropa ng AFP, CAFGU, sumanib sa BHB sa Agusan PAHINA 5

takaran ng rehimeng US-Arroyo ay patuloy na puspusang nilalabanan ng mamamayan. Matitinding bigwas and dinaranas no rehimen mula sa mga pagkilos ng mga pwersang patriyotiko at demokratiko laban sa Mutual Logistics Support Agreement (MLSA) na nagbibigaylaya sa militar ng US na gamitin ang buong bansa bilang malaking base militar nito; laban sa mga Balikatan war exercises na nagbigaydaan sa mas malaganap na interbensyong militar ng US sa Pilipinas; at laban sa bulag na pagsuporta ni Arroyo sa mga gerang agresyon at okupasyon ng US sa Afghanistan at Iraq.

Gayundin, ipinoprotesta ng mamamayan ang kabiguan ng rehimeng Arroyo na pigilin ang sunudsunod na pagtaas sa presyo ng langis, singil sa tubig at kuryente. Lalong nahihiwalay ang rehimeng Arroyo sa mga manggagawa at karaniwang kawani sa pagtanggi nitong bigyang-daan ang pagtaas ng kanilang minimum na sahod at sweldo sa harap ng tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga saligang bilihin at serbisyo.

Sinisingil ng masang magsasaka ang rehimeng Arroyo sa kawalan ng tunay na reporma sa lupa at, masahol pa, sa rekonsentrasyon ng pag-aari ng lupa sa mga luma at bagong-tipong panginoong maylupa. Tampok dito ang pagbibigaydaan ng rehimen sa pag-aagaw ni Eduardo "Danding" Cojuangco ng ilampung libo at absolutong pagkontrol sa daanlibo pang ektaryang sakahan ng mga magsasaka na lubusang ibinaling sa kanyang plantasyon ng kamoteng kahoy. Malaki rin ang kasalanan ni Arroyo sa mga magsasaka sa pagbibigay-pahintulot sa malawakang pananalakay sa mga bukirin ng mga halamang genetically modified na magbibigay ng napakalaking tubo para sa mga dayuhang korporasyong agribisnes habang pumapatay sa mga natural na pananim ng mga magsasaka at sumisira sa kapaligiran.

Kasabay nito, ang masang magsasaka rin ang nasa unahan ng mga paglaban sa papatinding militarisasyon sa kanayunan. Sila ang pangunahing biktima ng idineklara ni Arroyo na todo-gerang nakatuon sa walang iba kundi sa masang magsasaka. Matinding galit ang sumalubong kay Arroyo sa kanyang pagsabit ng medalya kay Col. Jovito Palparan ng Mindoro—ang pinakamodelo ng terorismo ng rehimeng Arroyo.

Ang matinding krisis ay nagbubunga ng umiigting na intrigahan at banggaan sa hanay ng mga reaksyunaryo at humahantong sa ibayong karahasan, lalo't wala pang lumilitaw na may mapagpasyang lamang sa labanan sa pagkapresidente sa 2004 habang patungpatong at naglalakihan ang mga isyung paksyunal, pambansa at panlipunan na lumiligalig sa buong sambayanan. Masuqid na naqpaplano ang mga reaksyunaryong oposisyon ng samu't saring maniobrahan at pakana kabilang ang pagtatangka ng mga kudeta o destabilisasyon at kahit panduduro para pagbitiwin si Arroyo sa lalong madaling panahon upang hindi niya magamit ang kanyang pusisyon upang manalo sa eleksyong 2004.

Marapat lamang na samantalahin ng Partido at ng pinamumunuan nitong mga rebolusyonaryong pwersa ang napakainam na sitwasyon sa pamamagitan ng ibayong pagpapasigla ng kilusan at mga pakikibakang masa at propaganda, higit na pagpapalawak ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente at lalo pang pagpapatindi ng mga taktikal na opensiba.

Higit na isusulong ng mga demokratikong pwersa ang mga pakikibakang masa laban sa pagkapapet, militarismo at korapsyon ng rehimeng Arroyo at ang mga malawakang pagkilos sa lansangan para igiit ang pagpapatalsik kay Gloria Arroyo. Kakumbina ng masaklaw na ahitasyon at propaganda, pinakamahalaga ang diin natin sa masinsing propaganda, at ibayong pagoorganisa at pagpapakilos sa masa sa mga baryo, pabrika, komunidad, paaralan at lansangan.

Ang lubhang pagkakahiwalay ni Arroyo ay nag-eengganyo ng parami nang paraming mga pwersang nakahandang makipagkaisa sa mga patriyotiko at demokratikong pwer-

## Bayan

Taon XXXIV Blg. 15 Setyembre 7, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman


#### Editorval Paigtingin ang mga pakikibaka para ibagsak ang rehimeng US-Arroyo 1 Jose Pidal 3 Matatagumpay na opensiba 4 Mga sundalo ng AFP, hinihikayat na sumanib sa kilusan 5 Mga sundalo, sumanib sa BHB 5 Pamumuno ng Partido sa lokalidad Si Ka Leo sa kanayunan 8 9 Armadong labanan sa Iraq **Balita** 11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa upang kumilos laban sa rehimen. Binibigyangpansin natin ang pag-ugnay, pagpapakilos at pagoorganisa ng mga patriyotikong pwersa na namumulat sa walang kahihiyang pagkapapet ni Arroyo. Kabilang na rito ang mga empleyado ng reaksyunaryong gubyerno at mga pwersa ng reaksyunaryong militar at pulisya, gayundin ang mga kagyat na pinuno nila sa mababang antas, na naliligalig, namumulat at naglulunsad ng mga protesta sa harap ng nasisiwalat ngayong malalalang katiwalian sa gubyerno at sandatahang pwersa nito.

Sinasamantala at pinaiigting natin ang mga tunggalian ng magkakaribal na reaksyunaryong paksyon maging ang mga tunggalian sa loob ng sandatahang lakas ng reaksyunaryong estado. Wastong pansamantalang makipag-ugnayan tayo maging sa ibang reaksyunaryo upang ihiwalay ang pangunahing kaaway na nasa poder. Gayunman, hindi natin pababayaang masamantala ang sitwasyon ng mga di nagsisisi at di pa lubusang napananagot na malalaking kriminal na berdugo at mandarambong sa bayan, mga kinasusuklamang labi ng pangkating Marcos at pangkating Estrada upang makapagpangibabaw ng boses at makapanumbalik o makaagaw ng poder. Kailangang patuloy din silang ihiwalay, itakwil at labanan.

Kaalinsabay, pinananawagan ng Partido ang pagpupursige at pagpapapasigla ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan laban sa mga armadong pwersa ng reaksyunaryong estado bilang pagtugon sa pagkukumahog ng reaksyunaryong militar na maglipat ng mga pwersa sa mga kinokonsentrahang larangang gerilya; paniningil sa pagpapaigting ng pasistang terorismo ng rehimeng Arroyo sa kanayunan at kalunsuran; at paglaban sa armadong interbensyon ng US sa bansa. Makabuluhan ang idudulot ng pagpapadalas at pagpapalakas ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa higit pang pagpapaigting ng pampulitikang krisis ng buong reaksyunaryong naghaharing sistema.

Sa harap ng matinding krisis at pagkakasa natin ng mga taktikal na hakbangin at pagpapabilis ng mga gawain upang samantalahin ang napakainam na sitwasyon, mahalagang mailinaw din natin sa pwersa at mamamayan ang pinag-uugatan ng kasalukuyang krisis at ang pangangailangan para sa puspusang rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan upang mapagpasyang wakasan ito. Tungo sa mapagpasyang paglutas sa mga saligang suliranin ng mamamayan at pagkakamit ng ganap na tagumpay, naghahanda at tumatanaw tayo lampas sa pagpapabagsak ng isa o magkakasunod na mga reaksyunaryong rehimen.



Away ng mga magnanakaw

## Mga nakaw na yaman ng mga Arroyo, ibinunyag ni Lacson

I ilalang-kilala ng magnanakaw ang kapwa magnanakaw. Naging matingkad ito nang ipakita ni Sen. Panfilo Lacson nitong Setyembre 1 na ang gawi niya at ng padrino niyang si Joseph Estrada ay siya ring gawi ngayon ng mag-asawang Arroyo.

Pito pang sikretong *bank account* na naglalaman ng P168 milyong kinurakot ng mag-asawa ang ibinunyag ni Lacson, dagdag pa sa limang *bank account* na naglalaman ng kabuuang halagang P132 milyon na una na niyang ibinunyag.

Ang naturang mga deposito sa bangko ay nasa pangalang "Jose Pidal," alyas ni Jose Miguel "Mike" Arroyo (asawa ng presidente); ni Victoria Toh, sekretarya at kabit ng Unang Ginoo; at mga kapamilya ni Toh. Kung pagsasama-samahin, aabot na sa P260 milyon ang nadidiskubreng nakaw na yaman ng mag-asawang Arroyo. Hindi pa kabilang dito ang mga di pa nahahalungkat sa loob at labas ng bansa.

Ayon kay Lacson, ang naturang halaga ay mula sa P270.8 milyong kontribusyon sa kampanyang pangeleksyon ni Gloria Arroyo noong 2000 na sadyang itinago at hindi idineklara. Umabot daw sa P321 milyon ang lahat ng kontribusyon subalit mga P50 milyon lamang ang iniulat na gastos ni Arroyo sa Commission on Elections.

Bukod sa halagang inilagak ng mga Arroyo sa mga lihim na *bank account*, may napunta rin sa Lualhati

BUN

Foundation, isa sa mga prenteng organisasyon na ginagamit na daluyan ng mag-asawang Arroyo para sa kanilang nakukurakot.

Bilang karagdagang paraan ng pagkukubli sa tunay na pinanggalingan ng daanmilyong halagang ito, mahigit P18 milyon nito ay inilabas muna sa bansa at kalauna'y ipinadeposito sa mga bank account ni "Jose Pidal" mula sa iba't ibang bangko sa Hongkong.

Matindi ang maniobrahan ng magkabilang kampo mula nang mabunyag ang mga lihim na bank account. Dinukot noong Agosto 26 ng mga tauhan ng Malakanyang mula sa isang safehouse sa Tagaytay City si Eugenio "Udong" Mahusay, dating pinagkakatiwalaang tauhan ni Miguel Arroyo na tumestigong ang dati niyang amo at si "Jose Pidal" ay iisa. Binawi ni Mahusay ang sinumpaan niyang salaysay subalit sa pagkakabuhul-buhol ng bago niyang kwento ay lalo lamang nadidiin ang mga Arroyo.

Sa pagpipilit naman nitong makalusot, gumawa ng katawa-tawang hakbang si Mike Arroyo: bigla niyang pinalitaw ang kanyang nakababatang kapatid na si Ignacio at pinaamin na siya si Jose Pidal. Subalit walang kumagat sa hangal na hakbang ni Arroyo.

Ayon kay Lacson, na nahaharap din sa kasong paglilihim ng mga bank account at iba pang ari-arian sa US na nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar, may susunod pa siyang papuputuking bomba at palilitawing testigo laban sa mga Arroyo.

Habang patuloy ang batuhan ng akusasyon ng mandarambong sa kapwa mandarambong, umiigting ang banggaan ng mga paksyong nag-aagawan sa poder. Palaki nang palaki ang posibilidad na bumagsak ang ang gubyernong Arroyo dahil sa bigat ng nalalantad na mga anomalya at kabulukan ng kanyang rehimen, bukod pa sa pagiging lantarang papet at militarista nito. Dapat maagap at mapagpasyang kumilos ang mga ligal na demokratikong pwersa at iba pang progresibong pwersa para matatag na pamunuan at maisulong ang mga pakikibakang bayan, maiguhit ang progresibong paninindigan at linya sa mga pangyayari at pagkilos, at mahadlangan ang paghalili sa pabagsak na rehimen ng kapwa nito bulok, tuta at pasista.

## 22 armas, nasamsam ng BHB sa mga reyd at ambus

DALAWAMPU'T dalawang malalakas na armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula sa matatagumpay na taktikal na opensibang inilunsad sa iba't ibang panig ng bansa nitong Agosto at Setyembre. Pitong pwersa ng kaaway ang napatay at anim ang nasugatan sa naturang mga opensiba.

**Sa Compostela Valley.** Isang sundalo ang napatay at apat ang nasugatan nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ang mga nagpapatrulyang sundalo ng 45th Scout Ranger Company sa Barangay Andap, New Bataan nitong Setyembre 4.

**Sa Bukidnon**. Sinalakay ng mga Pulang mandirigma ng Ernesto Roa Command nitong Agosto 28 ang isang detatsment ng Bravo Company ng 8th IB sa Valencia City. Anim na M14, anim na garan, isang M16 at dalawang karbin ang nakumpiska ng BHB. Hindi nagkaroon ni isang putok sa reyd na itinaon habang kumakain ang mga reaksyunaryong tropa.

**Sa Masbate.** Pinasabugan ng BHB ng bomba noong Agosto 29 ang sasakyan ng isang grupo ng mga pulis at militar sa Sityo Sug-ong, Barangay Lagta, bayan ng Baleno. Napatay ang dalawang pulis at tatlong elemento ng CVO. Ang naturang mga tropa ay reresponde sana sa pagpaparusa ng BHB sa isang retiradong pulis.

**Sa Camarines Sur.** Nireyd ng BHB ang PNP Kababayan Center 6 sa Barangay Carolina, Naga City, bandang alas 11:30 ng umaga nitong Setyembre 2. Napatay ang isang pulis at nasugatan ang dalawa pa.

**Sa Mindoro.** Labinlimang malalakas na armas ang nasamsam ng BHB sa magkasunod na taktikal na opensiba noong Agosto 19 at 20 sa dalawang prubinsya ng Mindoro. Ayon kay Victor Rivero, tagapagsalita ng Lucio de Guzman Command, kinabibilangan ito ng 56mm *bazooka*, isang M203, mga pistola, mga bala at iba pang kagamitang militar.

Inambus ng BHB noong Agosto 19 ang Special Forces Company sa Sityo Singco, Barangay Bukal, Bongabong, Oriental Mindoro. Kinabukasan, tinambangan

naman ang "C" Company ng 16th IB sa Sityo Kambingan, Barangay San Agustin, Sablayan, Occidental Mindoro

Sa Quezon. Iniulat ng Apolonio Mendoza Command na tatlong kalibre .50 masinggan at dalawang M16 ang nasamsam ng BHB sa pagsalakay nito noong Agosto 19 sa isang barko ng Philippine Navy at himpilan ng Coast Guard sa Barangay Ungos, bayan ng Real.

## Mga sundalo ng AFP, hinihikayat na sumanib sa rebolusyonaryong kilusan

Inihikayat ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na sumanib sa rebolusyonaryong kilusan ang mas marami pang upisyal at sundalo ng reaksyunaryong gubyerno. Sa isang apat-na-pahinang bukas na liham nitong Setyembre 4, hinimok ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, ang mga tropa ng gubyerno na sumanib sa rebolusyonaryong kilusan o tumulong dito sa pamamagitan ng pagpupuslit ng mga armas mula sa mga armori ng militar, pagbibigay ng mahahalagang impormasyon at iba pang rebolusyonaryong tungkulin.

Muling ipinagbigay-alam ni Ka Roger ang pagkakatatag ng Lt. Crispin Tagamolila Movement (LCTM) sa loob ng AFP. Ipinangalan ang LCTM sa isang gradweyt ng Philippine Military Academy na sumanib sa BHB noong 1971 at namartir sa isang labanan sa Isabela noong 1973. Ani Ka Roger, ang pagsanib sa LCTM ay katumbas ng paninindigan laban sa pagkapapet, korapsyon at teroristang todo-gera ng tutang rehimeng Arroyo.

Direktang sumulat si Ka Roger sa mga nakabababang upisyal at karaniwang sundalo at elemento ng AFP, PNP at CAFGU na aniya'y nagmumula rin naman sa mga maralita, inaapi at pinagsasamantalahang masa at inaapi rin ng matataas na upisyal sa loob ng organisasyong militar.

Nagmungkahi si Ka Roger ng iba't ibang paraan para makatulong ang mga sundalo sa rebolusyonar-yong kilusan.

Ang una'y ang pagbubuo ng mga lihim na *study group* para pag-aralan ang kanilang mga hinaing at iugnay ang mga ito sa mga batayang problema ng mamamayang Pilipino.

Iminungkahi rin ni Ka Roger sa mga sundalo na maglunsad ng mga hayag na pakikibaka para igiiit ang kanilang lehitimong mga karapatan at kagalingan. "Maaari rin silang magpalabas ng mga bukas na liham, magbuo ng mga unyon at gumamit ng iba pang posibleng demokratikong daluyan para igiit ang kanilang mga interes."

Hinimok ni Ka Roger ang mga upisyal at sundalo ng AFP na masigasig na pag-aralan ang programa ng National Democratic Front dahil superyor ito sa National Recovery Program ng grupong Magdalo sa usapin ng "pagiging komprehensibo, makabuluhan at malalim sa pagharap sa mga pundamental na problema ng mamamayang Pilipino."

Sinabi rin ni Ka Roger sa mga nakababatang upisyal at sundalo na maaari silang umiwas sa mga engkwentro sa BHB. Kung hindi na ito maiiwasan, aniya, maaari silang humingi agad ng tigil-putukan at ibigay ang kanilang mga armas sa BHB. "Hindi sila dapat magpakamatay nang dahil sa isang bulok na organisasyon at bulok na sistema," ani Ka Roger.

Ipinaalala ni Ka Roger sa kanila na tinitiyak ng rebolusyonaryong kilusan ang mga karapatan ng mga nagsisukong sundalo at tinatrato nito nang makatao ang mga dinakip na sundalo alinsunod sa mga pandaigdigang alituntunin ng digma at makataong batas.

## Mga tropa ng AFP, CAFGU sa Agusan del Sur, sumanib sa BHB

KINUMPIRMA ni Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, ang paglipat sa BHB ng dalawang sundalo ng Philippine Army at ng pinamumunuan nilang dalawang platun ng CAFGU sa Agusan del Sur noong Agosto 7. Bago umugnay sa BHB, sinamsam nila ang mga sandata sa tatlong detatsment sa Barangay Binakalan at Mahayahay, bayan ng San Luis.

Sina Cpl. Edward Querante at PFC Boboy Abdulhasad, mula sa "C" Company ng 29th IB, at pitong elemento ng CAFGU ay tinulungan ng milisyang bayan na makapasok nang ligtas sa teritoryo ng BHB. Dala nila ang isang M203, dalawang M16, dalawang M14 at apat na garan. Ang iba pang hindi nakaugnay sa BHB ay nadakip ng militar.

Ayon kay Ka Oris, tumiwalag sa serbisyo ang mga sundalo at mga elemento ng CAFGU dahil hindi na nila masikmura ang pagbabanta at pagmamaltrato ng kanilang mga upisyal; pagbalam o di pagbibigay ng kanilang mga suplay na pagkain at kagamitang militar, sweldo at alawans; at pang-aabuso sa kababaihan.

Magugunitang noong Hulyo ay isang iskwad naman ng mga MNLF integree at grupo ng CAFGU mula rin sa naturang kumpanya ang tumiwalag sa kanilang mga yunit dahil sa gayon ding mga hinaing.

Nanawagan si Ka Oris sa lahat ng sinsero at patriyotikong sundalo at upisyal ng AFP, PNP at CAFGU na makiisa sa mamamayan at ilantad ang kabulukan ng AFP. Dagdag niya, maaari rin silang makipagtulungan nang lihim sa masa o sa mga yunit ng BHB o di kaya'y tuluyang sumapi rito.

## Mahusay na pamumuno ng Partido sa lokalidad

Buhay na buhay ang proletaryong pamumuno at diwa ng tunay na demokrasya at rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan sa mga lugar na maunlad na ang mga sangay ng Partido sa lokalidad at nakatatayo na ang mga ito sa sarili. Dito'y damang-dama ang pamumuno ng Partido at ng pamunuan ng mga samahang masa sa talas ng mga panawagan at sigla ng tugon sa mga ito ng taumbaryo.

Ganito ang kalagayan sa isang baryo sa Samar na mahigit 20 taon nang kinikilusan ng BHB at nasasakop na ngayon ng Pulang kapangyarihan ng mamamayan. Dalawang dekada nang nakatayo ang sangay ng Partido sa baryo.

Mataas ang antas na inabot ng pag-oorganisa sa baryo. Dalawang dekada nang may nakatayong mga ganap na samahang masa. Halos lahat ng maralita at mababang panggitnang magsasaka ay nakapaloob na sa mga samahang masa. Aanim katao na lamang ang hindi pa naoorganisa sa baryo, at ito'y dahil lamang sa sila'y mga bagong dating sa lugar at pinalalalim pa ang pagkakakilala sa kanila. Ang mga panggitnang pwersa, kabilang ang mayayamang magsasaka, mga kagawad ng sangguniang barangay

at iba pa ay organisado na rin sa rebolusyonaryong kilusang lihim.

Sa inabot na nitong antas, matalas na naitatakda ng Partido sa lokalidad ang wastong linyang pampulitika at angkop na paraan ng pagkilos sa mga pakikibakang masa. Nakakamit ito dahil na rin sa pagsisikap na konsultahin at kamtin ang pagkakaisa ng lahat ng tagabaryo para sumuporta sa mga panawagan. Ang kahusayan ng pamumuno ng sangay at organisasyong masa ay nakabatay sa mapanuri, napapanahon at mapagpasyang pagtugon sa mga pangangailangan at mga araba o hinaing ng mamamayan. Sa ganitong paraan, natitiyak ang mainit na pagtugon ng mamamayan sa mga panawagan sa rebolusyong agraryo at iba pang pakikibakang masa.

Napakalaki na ng natatamong benepisyo ng mga taumbaryo sa pagsusulong ng mga pakikibakang agraryo sa pamumuno ng Partido. Dahil sa pag-unlad ng kabuhayan ng masang magsasaka, lumiit ang pangangailangang mangutang. Halos pawi na ang usura sa baryo.

Sa mga pagkakataong nagigipit ang ilang mga mahirap na magsasaka, laluna sa pangangailangan para sa pangkonsumong palay, nahihikayat ang mga mayamang magsasaka na magpahiram ng palay na halos walang interes.

Nasa proseso rin ang rebolusyonaryong kilusan sa baryo ng pagsisinop ng kampanya para pababain ang presyo ng mga paninda. Sa kasalukuyan, nakaprogramang isaayos ang mga patakarang magbabalanse ng tamang presyo ng mga bilihin at sapat na tubo para sa mga may-ari ng tindahan.


Ang pagbabalangkas ng mga kampanya at pakikibakang masa ay masalimuot na proseso ng pag-alam at pagsusuri sa kongkretong kalagayan ng mamamayan, masisiglang konsultasyon at pagbubuo ng mahiqpit na pagkakaisa.

Karaniwang nagpapaabot ng pangkalahatang panawagan ang komiteng seksyon ng Partido na ki-

nabibilangan ng komiteng tagapagpaganap ng sangay sa yunit ng BHB at ng mga kalihim ng mga sangay ng Partido sa magkakaratig na baryo. Ang pagpipino o anumang pagbabago sa plano at ang aktwal na paraan ng pagpapatupad ng panawagan ng seksyon ay binabalangkas na ng sangay sa baryo.

Unang hakbang ng sangay ang pagkonsulta sa komiteng





Ang pagpapahayag ng iba't ibang pananaw ay pinadadaloy sa mga talakayan ng mga grupo di lamang sa loob ng mga ganap na samahang masa ng magsasaka kundi pati sa mga grupo ng panggitnang pwersa at iba pa.

tagapagpaganap ng mga balangay ng PKM, MAKIBAKA at KM sa baryo. Batay sa mga datos at pagtinging inilalabas ng mga ito, masusing pinag-aaralan ng sangay kung angkop nga ba ang mga panawagan sa aktwal na kalagayan sa baryo.

Sa yugtong ito, karaniwang ipinapaabot ng sangay sa komiteng seksyon kung may mga kinakailangang susog sa panawagan batay sa resulta ng mga konsultasyon. Tinatalakay ng komiteng seksyon at kadalasa'y ipinapaloob na rin sa pangkalahatang plano ang mga susog ng sangay.

Susunod na hakbang ang paghaharap ng binalangkas na plano sa komiteng balangay ng mga samahang masa para pinuhin pa at pagkaisahan. Dito na rin binabalangkas ang aktwal na mga taktikang gagamitin, kabilang na ang mga pamamaraan kung paano makakamit ang pagkakaisa ng buong kasapian ng mga samahang masa at ang pakikipagkaisa ng sangguniang barangay. Ang pinakahuling hakbang ay ang pagpapatawag ng asembliya ng taumbaryo para pormal na pagkaisahan at pagtibayin ang mga bagong patakaran at mga kaakibat na plano.

Sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo sa baryo, demokratikong konsultasyon ang paraan ng pagkakamit ng mga kahilingan dahil mga panggitnang pwersa ang hihilingan at karamihan sa kanila'y mga alyado rin. Malaon nang napalayas ang dating despotikong panginoong

maylupa sa baryo. Ang mga mayaman at panggitnang magsasaka na nagpapautang, umuupa ng lakaspaggawa at nagmamay-ari ng mga tindahan ay kaibigan ng rebolusyonaryong kilusan at gayo'y hindi ginagamitan ng antagonistikong pamamaraan sa mga pakikibakang agraryo.

Sa buong prosesong ito ay hindi nawawala ang banggaan ng mga ideya. Sa mga panawagan hinggil sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, halimbawa, may mga pagkakataong bantulot o tumututol din ang mayayamang magsasaka kaya't nagkakaroon ng palitan ng mga katwiran. Ang pagpapahayag ng iba't ibang pananaw ay pinadadaloy sa mga talakayan ng mga grupo di lamang sa loob ng mga ganap na samahang masa ng magsasaka kundi pati sa mga grupo ng panggitnang pwersa at iba pa. Sa mga ito'y binabalik-aralan ang ilang bahagi ng Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa bilang balangkas ng kampanya at binibigyang-pansin ang mga batayan ng mga panawagan.

Sa mga kampanya para pataasin ang sahod ng mga manggagawang bukid o ang presyo ng produkto ng mga magsasaka, sinusuri ang mga kantitatibong batayan para sa panawagan. Para maging malinaw, ginagawang halimbawa ang kaso ng tipikal na pamilyang magsasaka, ang kanilang kita at gastos. Ipinakikita rin ang kasalukuyang kabuuang kita, gastos at

netong kita ng mayayamang magsasaka at ang tinatayang rasonable lamang na mababawas rito kapag naipatupad ang panawagan. Ito'y para mapasubalian ang argumentong mawawalan na ng tubo ang mayayamang magsasaka kung itataas ang sahod. Inililinaw na ang mga kwenta ay batay lahat sa kasalukuyang mga presyo at tinitiyak din na may rasonable pa ring kikitain ang mayamang magsasaka at hindi lagpas sa kanyang kakayahan ang hinihinging umento. Sa ngayon, tinitiyak ng Partido at rebolusyonaryong kilusan na huwag mapawi ang saray ng mayamang magsasaka sa baryo dahil may mahalagang papel pa rin sila sa kabuhayan ng mga magsasaka.

Sa abot ng makakaya, sinisikap na mabuo ang konsensus ng mamamayan. Kung hanggang sa asembliya ng mga taumbaryo ay hindi pa rin maabot ang konsensus, idinadaan sa botohan ang usapin. Ang pagtalima ng lahat sa kapasyahan ng mayorya ay bunga ng mga pampulitikang edukasyon na ibinibigay ng rebolusyonaryong kilusan bukod sa lakas ng impluwensya at taas ng prestihiyo ng Partido at BHB sa lugar.

Para matupad ang mga kaisahan at mapangalagaan ang kapakanan ng mga maralita, mahigpit ang pagsubaybay ng sangay at mga samahang masa sa implementasyon.

Dahil sa husay ng pamumuno ng sangay at higpit ng pagkakaisa ng mga taumbaryo, ang mga desisyon at patakaran sa lugar ay sinusunod maging ng mga dayo. Halimbawa, may isang mayamang magsasaka mula sa ibang baryo na nakabili ng lupa sa lugar at nagpatupad ng lumang antas ng pasahod. Matatag subalit magalang siyang hinarap ng mga magsasaka para paliwanagan tungkol sa inabot nang kaisahan sa baryo hinggil sa pasahod. Tumalima rito ang mayamang AB magsasaka.

Mula sa hanay ng mga kabataang estudyante

### Si Ka Leo sa kanayunan

Nitong ikalawang hati ng nakaraang dekada, tumungo sa kanayunan upang mag-ambag sa armadong pakikibaka ang signipikanteng bilang ng mga estudyante mula sa kalunsuran. Nakapanayam ng Ang Bayan sa isang sonang gerilya sa Albay si Ka Leo, isa sa naturang mga estudyateng nagpultaym at patuloy ngayong nakikibaka sa piling ng masa sa kanayunan.

akagagalak ang malaking ipinagbago ni Ka Leo mula noong pumasok siya sa sonang gerilya anim na taon na ang nakakaraan. Pinakamahalaga sa lahat ng ito ang higit niyang kasigasigan at determinasyong kumilos sa larangan ng armadong pakikibaka.

Nagmula si Ka Leo sa hanay ng mga militanteng estudyante sa isang pamantasan sa Maynila. Naging kasapi siya ng Kabataang Makabayan noong 1995.

Nagpasya siyang magpultaym sa kalunsuran noong maagang bahagi ng 1997. Subalit nais muna niyang maranasang makipamuhay sa Pulang hukbo at masa sa kanayunan, at magpasya kung sa kalunsuran o sa kanayunan magtutuluytuloy sa pagkilos. Kaya noong huling bahagi ng 1997, pumasok siya sa isang sonang gerilya sa Albay para sa tatlong buwang programa ng integrasyon sa kanayunan.

Sa loob ng tatlong buwang iyon, tumimo sa kanya ang pangangailangan sa kanayunan para sa mga kabataang may kakayahang makapagbigay ng mga pag-aaral. Ipinaliwanag sa kanya ng mga kasama na may malaki siyang maiaambag sa gawain ng BHB, laluna sa pagbibigay ng mga pangmasang pag-aaral

Sa loob ng tatlong buwang iyon, napanday sa kanya ang kahandaang magbuhos ng buong panahon sa larangan ng armadong pakikibaka. Kaya matapos ang tatlong buwan, walang pag-aatubili siyang nagpasyang magpultaym sa kanayunan.

Dahil sa pagiging baguhan at laking-syudad, pinagdaanan ni Ka Leo ang ilang mga kahirapan sa pag-angkop sa bago at mahirap na gawain, kalagayan at pamumuhay.

Ang pinakamahirap na sitwasyong kinaharap niya ay nang makatunggali niya ang isang beteranong kasama kaugnay ng pamumuno niya bilang iskwad lider. Pansamantala siyang nanghina sa pagkilos,

subalit sa tulong ng mga kasama at sa pamamagitan ng pagpuna sa sarili, bumalik ang kanyang sigla sa pagkilos na naging tuluy-tuloy hanggang sa kasalukuyan.

Sa gabay ng proletaryong ideopinagsilohiya, kapan ni Ka Leo na tuluyang pag-aralan at mahalin ang pamumuhay sa kanayunan. Gayundin, sinisikap niyang laging bantayan at iwaksi ang petiburgis na pag-iisip at gawi at mainternalisa ang proletaryong kaisipan at kultura. Pinag-aralan niya ang kinikilusang lugar at kinilala ang masa. Natutunan niya ang wastong paraan ng pakikitungo sa masa. Ayon kay Ka Leo, "mahalagang panghawakan ang simpleng pamumuhay sa lahat ng oras." Ayon pa sa kanya, sa lahat ng pagkakataon ay hindi dapat kaligtaang maging magalang sa masa at laging dinggin ang kanilang mga problema at palagay. Aniya, higit pa sa armas, ang masa ang kaligtasan ng hukbo sa harap ng kaaway.

Naging hamon din kay Ka Leo ang matutunan ang lenggwaheng Bikol. Matyaga niyang pinag-aralan ang lenggwahe, na mahalaga para sa ibayong pag-abot at pag-unawa sa masa at mga kasama. Di nagtagal, nakapagsasalita na siya nang diretso at malawak na rin ang kanyang bokabularyo sa lokal na lenggwahe.

Malaki ang naitulong sa pagunlad ng kanyang rebolusyonaryong praktika ang pagiging iskwad lider niya sa loob ng dalawang taon. Puro sila kabataan sa iskwad na iyon sa isang eryang di pa gaanong konsolidado ang kilusang masa.

Dumanas sila ng hirap at sakripisyo. Subalit ayon kay Ka Leo, ang mga tagumpay sa pag-oorganisa ng masa sa mga baryo ang nakapagpalakas sa kanyang loob at nakapagpataas sa kanyang militansya.

Ngayon,

malaki ang naiaambag ni Ka Leo sa gawaing edukasyon at pag-oorganisa sa kinikilusan niyang lugar sa Albay. At mula sa kanyang mga karanasan sa pagpultaym sa kanayunan, siya naman

kanyang mga karanasan sa pagpultaym sa kanayunan, siya naman ngayon ang tumutulong at umaalalay sa mga kasamang bagong pultaym sa hukbo.

Isa lamang si Ka Leo sa mga kabataang nagpasyang ibuhos ang lakas at talino sa palilingkod sa sambayanan sa pamamagitan ng buong-panahong pagkilos sa kanayunan. Napakahalaga ng papel na ginagampan ng mga kabataang katulad niya.

## Lumalaganap ang armadong paglaban ng mga Iraqi

abang tumatagal, lalong lumalalim ang pagkalubog ng imperyalismong US sa kumunoy ng Iraq. Matapos madaliang salakayin at sakupin ang Iraq, kinakaharap ngayon ng mga tropa ng US ang lahatang-panig na pagtutol ng mamamayang Iraqi, ang lumalalim na demoralisasyon at pagkataranta gayundin ang lumalakas na panawagan ng mamamayang Amerikano na pauwiin ang kanilang mga sundalo, at ang patuloy at lumalakas na mga batikos ng mamamayan at oposisyon sa US sa ginawang pag-atake at patuloy na pag-okupa ng US sa Iraq.

Tuluy-tuloy na lumalaganap at umiigting ang armado at di armadong pakikipaglaban ng mamamayang Iraqi laban sa mga kolonyal na mananakop.

Umuusbong ngayon sa iba't ibang dako ng bansa ang maliliit na grupong gerilyang umaatake sa batak na mga tropang Amerikano.

Ilang buwan nang pilit ginagapi ng mga tropang Amerikano at British ang umuusbong na kilusang gerilya. Sa pakikipagsagupaan ng mga Iraqi sa mga tropang may superyor na armas, paulit-ulit nilang ipinamamalas ang kanilang bentahe sa lugar at kapasyahang lumaban. Kung saan-saan nanggagaling ang mga armadong Iraqi na bumibira sa mga tropang Amerikano. Walang araw na lumilipas na hindi dumaranas ng pinsala ang mga tropang mananakop. Katunayan, mas

marami nang tropang Amerikano ang napatay mula nang ideklara ni Bush na tapos na ang "mayor na operasyong kombat" noong Mayo 1 kumpara sa bilang ng mga tropang namatay noong mismong gera ng pananalakay. Noong Agosto 27, umabot na sa 333 ang napatay na sundalong Amerikano habang 1,212 ang nasugatan. Kumpara ito sa 138 na napatay sa panahon ng pananalakay ng US at United Kingdom noong Abril at Mayo.

Minamaliit ng imperyalismong US ang mga gerilyang Iraqi na diumano'y mga "loyalista" lamang ni Saddam Hussein o di kaya'y mga

labi lamang ng Republican Guard. Ngunit kasabay nito, duwag nilang iniatras ang kanilang mga tropa at ipinwesto sa labas

ng mga syudad upang maiwasang maging madaling target ng atake ng mga gerilyang namumugad sa mga ito. Dahil walang magawa ang 148,000 pwersang US ngayon sa Iraq, nagdagdag na ng tropa ang UK at plano ring dagdagan ang mga sundalong Amerikano. Taliwas sa dati nitong tindig laban sa pagbibigay ng anumang papel sa United Nations (UN) sa "rekonstruksyon" ng Irag, maghahapag na rin ang US ng resolusyon sa UN na bumuo ng isang "multinational peacekeeping force" na pamumunuan ng US. Subalit ang planong magdagdag ng tropa ay magpaparami lamang sa mga tulirong target ng mga gerilyang Iragi.

Kasabay ng mga aksyong militar, naglulunsad ng masisinsing aksyong protesta ang mga ordinaryong mamamayang Iraqi. Batay sa kanilang mga aksyon at pahayag, ang mga grupong Iraqi, kapwa armado at hindi, ay hindi itinutulak ng kagustuhang ibalik ang rehimeng Hussein kundi ng matinding galit at pagkamuhi sa arogante, mapangwasak at mapagsamantalang pananakop ng imperyalismong US.

Lumalalang kalagayan ng mamayan. Tinatayang aabot sa 8,000 sibilyan ang napatay at 20,000 ang nasugatan bunga ng pananalakay. Hindi pa kabilang dito ang libu-libong mamamayang biktima sa panahon ng okupasyon dulot ng walang pakundangang pamamaril ng mga tropang mananakop, ng kriminalidad na lumaganap matapos okupahin ng US ang mga syudad at pangkalahatang panlipunang sigalot.

Milyun-milyong Iraqi ang nasasadlak sa matinding kagutuman at kawalan ng trabaho na di nila dinanas sa ilalim ng rehimen ni Saddam Hussein. Dahil sa walang pakundangang pambobomba ng US, nawasak ang lahat ng mga pasilidad na nagbibigay ng mga batayang serbisyo. Apat na buwan na ang nakalipas "matapos ang gera" ngunit putul-putol pa rin ang serbisyo ng kuryente at wala pa ring sapat na tubig. Para maibalik lamang ang dating suplay ng kuryente sa Iraq, kailangan ng \$13 bilyon. Kailangan pa ng \$16 bilyon para maibalik ang suplay ng malinis na tubig. Tinatayang aabot sa mahiqit \$100 bilyon ang kailangan para makumpuni at maibalik lamang sa dati ang lahat ng mga pasilidad na winasak ng US.

Masahol pa, kulang na ang suplay ng langis. Sa kabila ng pagiging mayaman sa langis at dating maramihang nag-eeksport nito, nagaangkat na ngayon ang Iraq upang punan ang kanilang pangangailangan. Kulang sa 1 milyon bariles kada araw ang nailuluwal ng mga balon ng langis ng Iraq – malayo sa 2.8 milyong bariles bago and okupasyon. Tinatayang kakailanganing mag-angkat ng dagdag na 750,000 bariles ng langis kada buwan ang Iraq upang punan ang kakulangan. Nang buksan ng mga tropang Amerikano ang mga balon ng langis sa hilagang Iraq, binalak nitong ilabas ang nailuwal na langis. Dahil dito, galit na binomba ng mga Iraqi ang mga tubong daluyan ng langis patungong Turkey.

Pagsasamantala ng mga korporasyong US. Ang kahirapan ngayon sa Iraq ay pinalala pa ng kasibaan ng mga korporasyong Amerikano. Nagkakandarapa ang mga ito na makakuha ng pinakamalaking bentahe sa pinakamadaling paraan. Ipinatigil ng mga mananakop ang pag-aayos ng mga ospital at serbisyong pangkalusugan sa pangkalahatan dahil ipinanukala ng mga "Amerikanong tagapayo" na marapat munang dumaan sa pagsusuri ng isang Amerikanong kumpanya

ang lahat ng mga kagamitan at suplay medikal. Upang mapadali ang proseso, mapipilitan ang Irag na kumuha ng suplay sa mga kumpanyang Amerikano. Gayundin, karakakarang ipinatigil ng US ang operasyon ng isang kumpanyang Liberian na nagpapagana ng network ng mga cellphone dahil inila-

lagay diumano nito sa disbentahe ang iba pang mga kumpanya. Sa totoo, and negosyo sa pagpapatakbo ng telekomunikasyon sa Iraq ay nais lamang ng US solohin ng Worldcom, isang dambuhalang monopolyong Amerikano na nasangkot sa malalaking pandaraya sa US.

Marahas na pagsupil sa mga Iraqi. Ibayong karahasan at panunupil ang tugon ng mga mananakop sa pagtutol at paglaban ng mamamayang Iragi. Nang magrali ang mga Iragi sa harap ng upisina ni Paul Bremer, ang tagapangasiwa ng US sa Irag, pinaulanan ng bala ng mga sundalong Amerikano ang demonstrasyon. Dalawa ang agad na napatay. Nang magrali ang mamamayan ng Fallujah noong Abril, 16 ang napatay sa pamamaril ng mga sundalong Amerikano. Gayundin ang nangyari sa Mosul at Karbala kung saan 14 ang napatay. Nang dalhin ng mga Iragi ang kanilang mga hinaing sa midya, hinaras o ipinasara ng US ang mga ito.

Dala ng takot, walang pakundangang pinapuputukan ng mga sundalong Amerikano ang sinumang pinaghihinalaan—maging mga bata, matatanda, kababaihan at kahit mga myembro ng midya. Laganap ang arbitraryong panghahalughog, pang-aaresto at panghaharas sa sinumang pinaghihinalaang "loyalista" ni Saddam—na sa mata ng mga tropang Amerikano, ay kinabibilangan ng halos lahat na ng kalalakihang Iraqi.

**Inutil na papet ng US.** Inutil at nagiging katawa-tawa na la-

Mainam na tipunin ang

kalat-kalat na mga

armadong pwersa at

buuin ang isang

pambansang pwersang

gerilya na

makapagdudulot ng higit

na mas malalaking

bigwas sa katawan ng

mananakop.

mang ang papet na "pansamantalang konseho" (interim council) na itinayo ng US sa Iraq. Simula't sapul, hindi tinangkilik ng mayorya ng mamamayan ang papet at pandekorasyon mang na konseho kung kaya't hindi ito kailanman naging lehitimo sa mata ng mga Ira-

qi. Kinamumuhian

ito ng mamamayan dahil sa pagiging sunud-sunuran sa mga mananakop at wala itong tunay na kapangyarihan at lakas. Sa ibang lugar, wasak ang mga pampulitikang istruktura at, dahil sa laganap na paglaban, walang pag-asa ang US na maisaayos ito sa malapit na hinaharap. Tuwirang kolonyal na okupasyong militar ng US ang tanging nagagawang panggugubyerno ngayon sa Iraq at walang palatandaang mababago ito sa matagal na panahon.

Lumalakas na pagtutol sa US at UK. Kasabay nito, lumalawak ang galit at pagkamuhi ng mamamayan kahit sa loob ng US at UK sa ginawang pandodoktor ng mga ulat-paniktik ng rehimeng Bush at Blair upang bigyan-katwiran ang pananalakay sa Iraq. Lumalakas din ang pagtutol maging ng ibang pwersang reaksyunaryo sa loob ng kanilang mga bansa dahil sa dumaraming sundalong napapatay at lumalaking gastos upang panatilihin ang mga ito sa Iraq.

Dagdag dito, sa loob ng US ay lumalakas ang panawagang pauwiin na ang mga tropang Amerikano. Mismong mga pamilya ng mga sundalo ang nangunguna ngayon sa pagpapauwi na sa kanila. Nakikita nilang isang malaking kahungkagan ang ipinamamarali ng militar ng US na gerang high-tech at pangako nitong hindi mapipinsala ang kanilang mga tropa. Buhay na buhay sa kamalayan ng mamamayang Amerikano ang multo ng Vietnam. Hindi malayong ang mga salik na ito ang magpupwersa sa rehimeng Bush na umatras na sa Irag, kahit hindi pa ito lubusang nakokontrol.

Habang nagtatagal ang okupasyon ng US sa Iraq, nalalantad ang estratehikong kahinaan nito sa larangan ng pulitika at gera. Salamin ito ng kawalang katarungan ng imperyalistang pananakop sa Iraq. Minaliit ng US ang kakayahan ng malawak na masa ng sambayanan sa Iraq para labanan ang pananakop. Pagbabayaran ito nang mahal ng imperyalismong US.

Nasa mamamayan ng Iraq ang lahat ng katwiran at kakayahan na patalsikin ang mga dayuhang tropang mananakop. Mainam na tipunin ang kalat-kalat na mga armadong pwersa at buuin ang isang pambansang pwersang gerilya na makapagdudulot ng higit na mas malalaking bigwas sa katawan ng mananakop. Napakapaborable ng sitwasyon sa Iraq upang tumayo at mabilis na lumakas ang isang partidong proletaryo at pamunuan nito ang gera para sa pambansang pagpapalaya sa pamamagitan ng pagtangan nito sa armadong pakikibaka at pagbubuklod sa lahat ng demokratiko at patriyotikong uri, sektor at sektang relihiyoso sa Iraq sa isang nagkakaisang prenteng anti-kolonyal.



#### Panonortyur ng RPA-ABB, kinundena

KINUNDENA ng KARAPATAN-Negros ang pagtortyur ng RPA-ABB sa mga nadakip nitong pinaghihinalaang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa dalawang insidente sa Cadiz City noong Agosto 7 at 12.

Ayon sa pahayag sa midya ng KARAPATAN-Negros, napatunayan nila sa isang pagsisiyasat na dalawa sa apat na nadakip, sina Alexander Pelayo ng Cadiz City at Rene Santisteban ng San Carlos City, ay tinortyur ng mga elemento ng RPA-ABB. Ang dalawang iba

pa ay sina Rodney Ilustrisimo, 20, at Richard Gayo, 26, parehong taga-Hacienda Pula, Barangay E. Lopez, Silay City.

Pinalo si Pelayo ng yantok, sinipa at kinulata ng M16. Di pa nasiyahan ang mga tauhan ng RPA, pinaputukan nila ito malapit sa tainga. Samantala, si Santisteban naman ay pinalo sa ulo. Ayon sa KARAPATAN, ang apat ay pinosasan, piniringan at binantaang papatayin habang iniinteroga ng mga dumakip sa kanila.

#### Pagtugis kay Al Ghozi, sangkalan para imilitarisa ang mga komunidad ng Moro

MARIING kinundena ng National Democratic Front sa Western Mindanao (NDF-WMR) ang paggamit ng AFP sa pagtugis nito sa teroristang si Fathur Rohman Al-Ghozi para maitulak ang teroristang todo-gera sa Mindanao at tuluyang maibasura ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng rehimeng Arroyo at Moro Islamic Liberation Front (MILF). Sa isang pahayag nitong Agosto 28, sinabi ni Adan Sindapan, tagapagsalita ng NDF-WMR, na sadyang pinatakas si Al Ghozi mula sa Camp Crame noong Hulyo para makapaglunsad ang AFP ng mababangis na operasyong militar sa mga komunidad ng Moro at labagin ang karapatang-tao ng mamamayang Moro.

Ibinunyag ni Sindapan na tatlong di armadong sibilyan ang pinatay ng mga elemento ng Charlie Coy, Task Force Tabak ng 1st Infantry Division noong Agosto 7 nang salakayin nito ang Barangay Bauyan, Sultan Naga Dimaporo, Lanao del Norte para umano tugi-

sin si Al-Ghozi. Pinagsusunog din ng AFP ang mga bahay at suplay ng pagkain ng daan-daang sibilyang nagsilikas nang magkaroon ng putukan. Lima sa walong di armadong tauhan ng MILF na dinukot ng mga sundalo mula sa lugar ang sinalbeyds. Ito sina Mahmod Esmail, Jeran Ulanda, Gayson Ulanda, Sapra Bago at Siddig Edris. Ikinulong muna sila sa himpilan ng 1st Infantry Division sa Upper Pulacan, Labangan, Zamboanga del Sur bago patayin. Hindi pa rin inililitaw sina Sakib Esmail, Mohmin Abdul at Rasul Hasim. Samantala, dinukot din mula sa Lapasan, Cagayan de Oro City noong Agosto 19 si Hadji Yunos Esmail, kapatid ni Sakib Esmail.

Nanawagan ang NDF-WMR sa lahat ng patriyotiko at progresibong pwersa sa Mindanao na ilantad at tutulan ang patuloy na pagdukot at pagsalbeyds ng mga karaniwan at inosenteng sibilyang Moro sa ngalan ng "gera laban sa terorismo" na itinutulak ng rehimeng US-Arroyo.



### Pagbasura sa GATT, iginiit ng Anakpawis

NANAWAGAN sa Senado kamakailan ang grupong Anakpawis na ibasura ang General Agreement on Tariffs and Trade (GATT) na isinulong ni Pres. Gloria Arroyo noong senador pa siya at pinagtibay ng senado noong 1994.

Inihayag ito ni Rafael "Ka Paeng" Mariano, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at Anakpawis sa isang porum sa Quezon City nitong Agosto 22.

Aniya, sa walong taong pagpapaloob sa balangkas ng GATT at World Trade Organization (WTO), walang natamo ang bansa kundi ibayong kahirapan. Ilang milyon ang nawalan ng hanapbuhay, lumobo ang depisit sa kalakalan tungong \$5.2 bilyon at maraming magsasaka ang nalugi dahil sa pagbaha ng mga murang imported na produktong agrikultural.

Ang pagbasura sa GATT, ayon naman kay Carmen "Lola Mameng" Deunida, bise presidente ng Anakpawis, ay unang hakbang upang makaalis ang bansa sa WTO na pinaghaharian ng mga imperyalista sa pangunguna ng US.

#### Kautusan laban sa ampalaya, tinuligsa

SINALUBONG ng galit at paglaban ang kautusan kamakailan ng Department of Health (DOH) na itigil ng mga doktor at mga manggagawa sa sektor ng kalusugan ang pagbibigay ng mga gamot na nagmula sa ampalaya bilang dagdag na gamot sa sakit na diabetes.

Ayon sa mga doktor at manggagawa sa kalusugan, palalalain lamang nito ang sitwasyon ng maraming may diabetes na umaasa sa gayong mga gamot dahil wala silang kakayahang bumili ng mga mamahaling gamot na gawa ng mga dambuhalang kumpanya.

Pinatunayan ng maraming pasyente at maging ng mga doktor ang positibong epekto ng ampalaya sa kalusugan ng mga may diabetes.

Ayon sa mga doktor, maniobra ng mga dayuhang kumpanya ng gamot ang nasa likod ng kautusan ng DOH. Nais maliitin o isaisantabi ng mga ito ang mga lokal na halamang gamot dahil nababawasan ang kanilang benta at kita sa bansa. Noong 2002, umabot sa P800 milyon ang halaga ng naibentang halamang gamot.

### Gen. Reyes, nagbitiw sa pwesto

NAGBITIW si Gen. Angelo Reyes bilang Secretary of National Defense noong Agosto 28. Dalawang araw bago ito, buong yabang niyang sinabi na hindi siya bababa sa pwesto.

Kilalang handler ni Pres. Arroyo si Gen. Reyes sa pagpapatupad ng todo-gera laban sa rebolusyonaryong kilusan at mga patakaran ng imperyalismong US tulad ng Visiting Forces Agreement (VFA), Mutual Logistics Support Agreement (MLSA), Balikatan Exercises, at iba pa.

Pangalawang upisyal na ng gubyernong Arroyo si Gen. Reyes na nagbitiw mula nang pumutok ang nabigong pag-aaklas ng 300 nakababatang upisyal at sundalo noong Hulyo 27. Unang nagbitiw si Gen. Victor Corpus, hepe ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines.

Ang pagbibitiw ni Reyes ay desperadong hakbang upang pahupain ang matitinding atakeng inaani ng administrasyong Arroyo. Nais din niyang makaligtas sa mga akusasyon na siya at si Gen. Corpus ang utak ng mga pambobomba sa Mindanao, at sa pagkakasangkot niya sa iba't ibang katiwalian.

#### Armadong labanan sa Nepal, muling pumutok

MULING sumiklab ang armadong pakikibakang pinamumunuan ng Communist Party of Nepal (Maoist) [CPN(M)] nang bumagsak nitong Agosto 27 ang usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng monarkiya ng Nepal.

Nitong Agosto 31, sinalakay ng People's Liberation Army (PLA) ang isang istasyon ng pulisya sa Chapiya, 300 kilometro sa kanluran ng kabiserang Kathmandu. Apat na pulis ang napatay at nakasamsam ang mga gerilya ng mga armas at bala. Dalawa pang taktikal na

opensiba ang inilunsad ng PLA sa ibang mga lugar noong araw ding iyon.

Pitong buwan ding humarap sa negosasyong pangkapayapaan ang CPN(M). Subalit matigas na tumanggi ang reaksyunaryong gubyerno ng Nepal na tanggalin ang CPN(M) at mga organisasyong pinamumunuan nito sa talaan ng mga "terorista." Binatikos din ng CPN(M) ang panghihimasok ng US sa prosesong pangkapayapaan.



Taon XXXIV Blg. 15 Setyembre 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Paigtingin ang mga pakikibakang bayan para ibagsak ang rehimeng US-Arroyo

abilis na lumalala ang pagkakahiwalay sa mamamayan ng rehimeng US-Arroyo. Isang matinding pampulitikang krisis ang yumayanig ngayon sa naghaharing estado na nagbabanta ng mas maagang pagwawakas ng paghahari ng rehimeng Arroyo, katulad rin ng rehimeng Estrada at diktadurang Marcos, na kapwa napatalsik dahil sa pagpapakapapet, militarismo at katiwalian.

Hinahalukay ngayon sa publiko ang malalaking kaso ng korapsyon kapwa sa Malakanyang at sa AFP na ibinunyag ng pag-aalsang militar noong Hulyo 27 at ng mga pulitikong kalaban ni Arroyo. Nahahalungkat din ang responsibilidad ng rehimeng Arroyo sa teroristang pambobomba sa Davao nitong unang bahagi ng taon, gayundin ang pinsala at salantang dulot ng militarisasyon sa kanayunan bunga ng teroristang todo-gera ni Arroyo.

Lubos na ikinagagalit ng malawak na mamamayan ang mga kaso ng malalaking katiwalian ng mag-asawang Arroyo, gayundin ng mga personaheng pinakamalalapit sa kanila, lalupa't isang pag-aalsa ng milyun-milyong mamamayang laban sa mga katiwalian ng gubyernong Estrada ang nagluklok sa rehimen.

Ginagatungan nito ang tumitinding galit ng mamamayang Pilipino sa pagkapapet at militarismo ng rehimeng
Arroyo. Bunsod ng mga patakarang makadayuhan at
anti-mamamayan ng papet na republika sa ilalim ng rehimeng Arroyo, lalong lumalala ang krisis sa ekonomya
at ang pagkawasak ng mga pwersa sa produksyon at
buhay ng masang anakpawis. Binigyang-daan nito ang
papalalang interbensyong militar ng US at, sa udyok
ng US, iniutos ang papatinding militarisasyon na nagreresulta sa parami nang paraming kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao.

Sa pamumuno ng mga ligal na pwersang pambansa-demokratiko, ang mga papet at militaristang pa-

Mga tampok sa isyung ito...

Iskandalong Jose Pidal PAHINA 3

22 armas nasamsam ng BHB sa mga reyd, ambus PAHINA 4 Mga tropa ng AFP, CAFGU, sumanib sa BHB sa Agusan PAHINA 5